



“W hooo! More! More! More!” sigaw ko habang sumasayaw.

Naroon kami sa isang bar sa Malate na di ko alam ang pangalan dahil basta lang kaming pumasok at pang-apat na bar na yata namin ito ngayong gabi.

“Party, party!” hiyaw naman ni Lisa, kasamahan ko sa radio station.

I always looked forward to Saturday nights. Naging ritwal ko na kasi ang gumimik tuwing Sabado kaya kapag wala akong ganap ay masama ang loob ko.

Kahit alam kong lasing na ako, hindi pa rin ako makaayaw sa alak. Ang sarap kasi! Parang uhaw na uhaw ako. I was dancing like an idiot when someone grabbed me by the waist. It startled me.

“Ay, kabayo!” bulalas ko.

“Hi, miss. Enjoying the party?” Hinila niya ako

palapit sa kanya.

“Ah... excuse me. Wrong send ka yata.” Tiningnan ko siya at nakita ang malisya sa mga mata niya. *Susmaryosep! Mukhang manyak!*

“Hindi. Kanina pa kita pinagmamasdan,” sabi ng lalaki na parang sini-seduce ako kahit wala naman iyong epekto sa akin.

“So?” Sinubukan kong kumawala sa pagkakahahawak niya sa baywang ko ngunit mahigpit iyon masyado. “Let go of me,” kalmado kong sabi sa pag-aakalang madadala ko siya sa matinong pakiusap, pero mas lalo pa siyang lumapit sa akin.

“No. Go with me,” sabi niya at naamoy ko ang alak sa kanyang hininga. He was dancing and rubbing himself against me while his hands were still on my waist.

“I don’t know you. Let go of me!” Inalis ko ang kamay niya pero mabilis niya iyong naibalik sa baywang ko. Para siyang bingi na patuloy na idinidikit ang sarili sa akin. Napansin kong bumababa ang kamay niya sa puwetan ko habang ang mukha ay palapit sa akin.

“Hayop ka! Bastos ka!” sigaw ko sabay tulak sa kanya palayo.

Napalingon sa amin ang ilang tao sa dancefloor kaya napabitaw siya sa akin. I grabbed the opportunity and fled from the bar.

Sumakay ako ng taxi pauwi sa apartment ko. Parang nawala ang pagkalasing ko dahil sa lalaking iyon. Manyak! Akala mo kong sinong guwapo. At kahit pa nga guwapo siya, harassment pa rin iyong ginawa niya sa akin! Buwisit!

Nagpatuloy ang inis ko hanggang makarating ako sa babaan ko. Kailangan ko pang maglakad dahil hindi na makakapasok ang taxi sa maliit na daan.

“Pssst. Ganda ni Alex ngayon, mga ’tol, oh!” bungad ng isang lasenggo.

As usual, may nag-iinuman na naman sa kanto. Alam ko na ito, eh. Mga manyak din ito, pero basta huwag lang pansinin, hindi naman sila nang-aano. Nagpatuloy ako sa paglalakad. Hindi ko sila nilingon dahil hanggang ngayon ay inis pa ako.

“Uy, oo nga,” sagot naman ng isa. “Kausapin n’yo nga, pare.”

Binilisan ko na ang paglalakad. Ngayon ako nagsisisi kung bakit ako nagsuot ng maikli at fit na tube dress. Naramdaman kong may sumusunod sa akin.

“Uy, Alex, sandali, shot ka muna!” Hindi ako lumingon pero sumunod sila. Kinabahan na ako. Wala pa namang ibang tao sa paligid dahil mag-uumaga na.

Halos tumatakbo na ako, kaso ang taas ng heels ko kaya halos madapa ako. Baku-bako pa naman ang daan. Naabutan tuloy ako ng dalawang lasing.

“Alex, bakit ka nagmamadali?” Hinawakan ako ng isa sa braso.

“Uuwi na po ako,” sagot ko bago nagsimula uling maglakad.

“Shot ka muna,” pilit naman ng isa. Halatang lasing na lasing sila.

“Kailangan ko na pong umuwi eh,” paliwanag ko; hindi tumitingin sa kanila.

“Shot ka na nga muna sabi, eh!” Mahigpit na ang pagkakahawak sa akin ni kuyang lasing.

“Please po. Kailangan ko nang umuwi.” Nanginginig

na ako sa takot.

“Hindi ka uuwi hangga’t hindi ka namin nate-table,” sambit ng isa.

“O naikakama!” dugtong naman n’ung isa sabay tawa nang malakas.

Doon na ako nagsimulang magpumiglas.

“Tulong! Tulong! Tulong!” sigaw ko habang pinagtulungan akong kaladkarin ng dalawa papunta sa kung saan.

“Tulong! Tulong! Bitawan n’yo ako!” sigaw ko.

“Tumigil ka. Walang makakarinig sa ‘yo dito,” asik ng isa.

Tumulo na ang luha ko habang kinakaladkad nila ako. Sinubukan ko pa ring sumigaw kahit na may kamay na nakatakip sa bibig ko.

Ito ang kinakatakutan ko sa lahat—ang ma-rape! *Diyos ko! Tulungan n’yo po ako! Magtitino na po ako tulungan Mo lang po ako!*

May narinig akong kumaluskos sa puno at napalingon ako, pati na rin ang mga lasing. Isang lalaking may mahabang buhok at nakasuot ng mahabang damit ang lumabas mula sa likuran ng puno. Nanlaki ang mga mata ko at muling sinubukang sumigaw ng tulong.

Hinarangan ng estranghero ang dalawang lasing.

“Hoy! Tapos na ang Semana Santa. Tumabi ka d’yan!” singhal ng isang manyak, pero hindi nagsalita ang lalaki.

Pinilit ng dalawang lasing na lampasan ang lalaki habang hawak ako pero humarang ulit siya. Tinawag ng mga lasing ang ibang kasamahan na bigla namang nagsulputan at tumakbo palapit sa amin.

Jusko! Makaya niya kayang ipagtanggol ako?

Hinawakan ng isang lasing ang balikat ng mysteryosong lalaki pero sa mabilis na galaw, napatumba niya ang walanghiya. Nagsisugudan naman ang iba. Isa-isa niya iyong nilabanan at pinatumba.

Nagdilim naman ang paningin ko at nanghina ang mga tuhod dahil sa sobrang takot at kaba.

Mahihimatay yata ako...



Nagising ako sa pakiramdam na parang sasabog ang ulo ko sa sakit. This was the worst hangover I've ever experienced. Kailangan ko na yatang magbawas sa paglabas nang gabi dahil muntik na akong ma-rape.

Tiningnan ko ang paligid at doon ko na-realize na wala ako sa apartment ko. Ano'ng lugar 'to? Ano'ng nangyari kagabi?

Bumangon ako at naramdaman ang sakit sa braso at baywang ko.

*Na-rape na ba ako? Sh*t!* Pinakiramdaman ko ang sarili ko. Wala naman akong naramdamang masakit sa maselang bahagi ng aking katawan. *Okay. Okay. Hindi ako na-rape.*

Hindi ko matandaan kung ano ang nangyari kagabi. Bumangon ako at naglibut-libot ako para mag-imbestiga.

The place looked surreal. Mayroong mga kumikislap na bagay sa dingding na parang mga diamante, ang sahig ay puting marmol at ang mga haligi ay may disenyo ng mga sanga ng puno.

Tiningnan ko ang higaan at pati ang bedsheets ay kumikinang. Sobrang laki rin ng higaan. Mas malaki pa

yata 'to sa *California King Bed* ni Rihanna. Kaninong bahay kaya ito?

Hinanap ko ang pinto pero hindi ko iyon makita kaya nagsimula na akong kabahan.

"Hello? Tao po?" sigaw ko.

Ngunit walang sumagot.

"Tao po!" tawag ko ulit. Inikot ko ang buong kuwarto pero wala talagang pinto. Kinapa ko ang pader sa pagbabaka-sakaling may secret passage doon pero wala rin.

"Hoy! Palabasin n'yo ako dito!" muling hiyaw ko. Walang sumagot pero naramdaman kong may presensya sa likuran ko. Dahan-dahan ko iyong nilingon kahit natatakot ako.

Isang matangkad na lalaki na may mahabang buhok ang kaharap ko. Nakasuot siya ng kulay-abo at mahabang damit na parang kumikislap. Siya ba 'yong lalaki kagabi? Hindi ako sigurado dahil madilim noon.

"Uhm... Sir? Nasaan po ako? Dito po ba kayo nakatira? Puwede n'yo po ba akong tulungang makauwi?" mahinahong tanong ko sa kanya.

Hindi kumibo ang lalaki, sa halip ay tiningnan lang ako mula ulo hanggang paa na para bang may mali sa akin. Kumunot ang noo niya pero hindi nagsalita.

Naglakad ako palapit sa kanya pero umatras naman siya. Aba! May nakakahawang sakit ba ako? Noon ko na napansin na may pinto pala sa likuran niya. *What kind of sorcery is this? Wala naman yun kanina, ah!*

Naglakad ako palapit sa pinto pero hinarangan niya ako kaya bumangga ako sa kanyang dibdib.

"Kuya, please, gusto ko nang umuwi,"

paagmamakaawa ko. Despite the heels I was wearing, he towered over me and looked at me without saying a word.

Nagsimulang mamuo ang luha sa mga mata ko. Bingi ba siya? Ano ang balak niya sa akin? Natatakot na ako.

“Please, gusto ko nang umuwi.” Hindi ko na napigilan at nagsimulang mag-unahan ang mga patak ng luha ko. Kagabi may nangmanyak sa akin ‘tapos, muntik pa akong ma-rape. Ngayon naman, kinidnap ako ng lalaking ito, and who knows, baka gahasain niya rin ako.

Tiningala ko siya at nakita ko ang maganda niyang mukha. He had a look of genuine concern on his face as he wiped my tears with his hand.

Pansamantalang tumigil ang pagtulo ng luha ko. Pumalit naman ang pagtulo ng aking laway. Ang guwapo niya pala sa malapitan. Nakayuko siya sa akin habang marahang tinutuyo ang mga pisngi ko. Ang tangos ng ilong niya, maamo at makinis ang mukha, maganda ang buhok pero....

“Omaygad! Ang tainga mo!” puna ko sa patulis niyang tainga. Sinubukan ko iyong hawakan pero umayos siya ng tayo. His expression changed from concern to irritation. He turned his back on me.

Naglakad ang estranghero palayo pero binuntutan ko siya. Na-offend ko yata. Baka naman cosplayer siya. I mean, he’s wearing a weird outfit.

“Uhh, sir, nasaan po ako?” tanong ko ulit, pero hindi pa rin siya kumibo at muling humakbang palayo.

Nakakainis naman ‘tong kausap.

Hinawakan ko siya sa braso dahil naiirita na ako

pero tiningnan niya lang ang kamay ko na para bang may germs ito.

Binitawan ko siya at saka inulit ang tanong ko. “Nasaan nga po ako?” Mas madiin ang tono ko pero wala pa rin siyang imik.

I headed for the door out of irritation but it was no longer there. Kailangan ko na talagang makaalis doon; may sa demonyo yata ang lugar na iyon. Nilingon ko ang mysteryosong lalaki na nakatingin lang sa akin. Kampon ba siya ni Satanas? Wala na akong pakialam at sinugod ko na siya.

“Hoy, nasaan s’abi ako!” Hinawakan ko siya sa magkabilang braso at inalug-alog pero hindi talaga siya sumasagot. Napaupo na lang ako sa malaking higaan at umiyak. Bakit ba ito nangyayari sa akin?

Walang imik na umupo siya sa tabi ko. Napaka-weird talaga ng taong ito. Pag kinakausap, ayaw magsalita pagkatapos ngayon, tatabi-tabi sa akin.

“Please... gusto ko nang umuwi,” pakiusap ko sa kanya.

“Hindi ko alam kung paano ka makakauwi,” sabi niya at medyo nainis ako. Nagsasalita naman pala, pinahirapan pa ako.

“Bakit? Di ba, ikaw naman ang nagdala sa ’kin dito? Eh di, dapat alam mo rin kung p’ano ako makakauwi,” katwiran ko sa kanya.

“Oo,” maikli niyang sagot.

“O, ano’ng problema? Nasaan ba kasi ako? Ituro mo sa ’kin ang daan. Ako na lang mag-isa ang uuwi.”

“Hindi maaari. Nakasara na ang lagusan.”

“Lagusan? You mean, ’yung pinto?” tanong ko. May lagusan pang nalalaman ’tong lalaking ’to.

“Lagusan papunta sa mundo mo.”

“Mundo ko? Bakit nasa Mars na ba tayo?” May tililing yata ito. Sayang, ang gwapo sana, eh. *Jusko! Naiinis na ako, mahahambalos ko 'to!*

“Nandito ka sa kaharian ng Simeria.”

Did he just say ‘kaharian’? Ay, talagang may sayad ito! O baka pinagtitripan ako?

Napipikon na ako pero sinakyan ko na lang ang trip niya. “Ah... Simeria? Exclusive subdivision ba 'to sa QC? O Makati? May taxi naman dito, di ba?” sunud-sunod na tanong ko.

“Kung alam ko lang...” he said in a low voice. Tapos, may sinabi pa siyang hindi ko maintindihan. Nakikipag-usap pa yata sa sarili. *Tsk. Malala na.* Pero kahit may sayad siya, kinulit ko pa rin siya dahil gusto ko na talagang umuwi. May pasok pa ako mamaya sa radio station.

“Alam ang alin? Sige na, ituro mo na sa akin ang daan.” Hinawakan ko siya sa kamay at hinila patayo. Pero tinitigan niya lang ang kamay ko kaya binitawan ko siya. Allergic yata siya sa touchy na tao.

“Sorry... Look, I really want to go home.” Ayan, napa-English na tuloy ako with my former call center agent accent. “Gusto ko nang umuwi!”

Tumayo siya at kinuha ang nakatuping tela na nasa higaan at saka iniabot sa akin.

“Gamitin mo ito. Hindi maaari rito ang ganyang kasuotan,” aniya at natawa ako.

Sabi ko na nga ba may kakaiba rin sa pananalita niya. Makata ba siya? O *Buwan ng Wika* ba ngayon?

“Why? What’s wrong with my dress?” I asked seductively. “Nasa monasteryo ba tayo?”

“Nandito ka sa kaharian ng Simeria at baka malaman nila na isa kang tao,” seryosong sagot niya at natawa ako.

“Bakit ikaw, hindi ka tao?” Hindi ko na napigilan, kanina pa ’to nagpapatawa, eh. Nakasinghot yata ng *Mighty Bond*.

“Hindi. Isa akong Engkantado,” sagot niya at halos mapatid ang hininga ko sa kakatawa.

2



“Engkantado daw! Ano ’to, *Okay Ka Fairy Ko?*” sabi ko. “Ay, alam ko na ’to, *Wow! Mali!* ’to ’no? Nasaan ang camera? Galing n’yo! *Convincing!*” Hinihintay ko na lang lumabas ang cameraman. Umikot pa ako upang hanapin ang hidden camera pero wala naman. I looked at him and he was dead serious.

“Ano’ng nakakatawa?” seryosong tanong ng wirdong estranghero.

“Ikaw kasi, s’abi mo engkantado ka.” Nakangisi pa rin ako.

“Dahil iyon ang totoo.”

“Ewan ko sa ’yo.” Naiinis na naman ako.

Tinuro niya ang telang iniabot niya sa akin kanina. As if on cue, bigla na lang iyong lumutang palapit sa kanya at saka iniabot sa akin. Isa yata iyong robe or some kind of long sleeve dress, pero sh*t... lumutang? Paano niya ’yun ginawa?

“Magickero ka!” bulalas ko.

Parang nainis siya at biglang tumalikod para umalis.

“Hoy, sandali! Ano nga kasi? Ano ba ’tong lugar na ’to?” habol ko sa kanya.

“Hindi kita pipilitin na maniwala sa sinasabi ko,” sabi ng lalaki habang nakatalikod.

“Sandali nga. Hindi ko kasi maintindihan.” Ayokong maniwala, pero hindi ko rin ma-explain kung paano niya iyon nagawa.

“Isa akong engkanto at hindi kita niloloko.”

“Wait. Let me wrap my head around this,” I blabbered to myself. “Okay. Sige. Sabihin na nating naniniwala na ako. Pero paano?” Hindi siya sumagot at tiningnan lang ako. He looked dangerously handsome.

“Sige, sabihin na nating isa ka ngang engkanto. Kamag-anak n’yo ba ang mga duwende?” Hinintay ko siyang sumagot pero wala siyang imik at kumunot lang ang noo.

“Kapre, alam mo?”

Walang sagot.

“Tikbalang?”

Wala pa ring sagot.

“Maligno? Tiyanak? Aswang? Manananggal?” sunud-sunod na tanong ko. Ano pa ba ang hindi ko nabanggit? “Tuko?”

“Hindi ko alam ang pinagsasasabi mo,” aniya.

“Ano ba’ng pangalan mo?” pag-iiba ko na lang ng topic.

“Procopio.”

“Ano?” tanong ko dahil hindi ako sigurado sa narinig ko.

“Procopio,” ulit niya.

Seriously? Kagwapong nilalang ’tapos Procopio ang pangalan?

I looked at him with my mouth open. He, in return, shot me a confused look. He obviously did not know how ridiculous his name was. What a very ancient name! Anyway, baka rito sa kanila, cool na pangalan iyon.

“Procopio talaga? Ano kasi, medyo mahirap bigkasin ang pangalan mo, eh, saka medyo mahaba.” Nangunot ang noo niya. “P’wede ba kitang tawaging... Papa P?” tanong ko. “Teka, ampanget. No. No. No.” I started talking to myself. Pinanood lang niya ako habang may nawiwirduhang expression sa mukha. “Pro-co-pio... Proc! Sandali, Pio! Tama, Pio na lang!” sabi ko sa kanya pero wala siyang imik. “Okay ba?”

Hindi siya sumagot pero wala akong pakialam. ‘Pio’ na ang itatawag ko sa kanya.

“Pio, ako si Alexeen Sevilla. Alex, for short.”

Tumango siya. “Alex.”

“Yep! So, ano na? P’ano ako makakauwi? May trabaho pa ako. Ang dami kong raket ngayon. Magdi-DJ pa ako. Tapos, may gig pa ’ko mamayang gabi.” Sunud-sunod na naman ang lumabas sa bibig ko.

“Hintayin mong magbukas ang lagusan,” sagot ni Pio.

“What? Kelan? Anong oras? P’ano kung inabot ng ilang araw o buwan, o kaya taon?”

I sounded pathetic pero hindi ko mapigilan. Di ba kasi sabi, pag kinuha ka raw ng engkanto, akala mo oras ka lang nawala, ’tapos ’yon pala, dumaan na ang ilang araw. Paano kung mangyari sa ’kin ’yon?

Susmaryosep! Paano na ang kabuhayan ko?

“Hindi ko alam.”

“Kasalanan mo 'to! Dinala-dala mo pa kasi ako dito!” Sinisi ko siya at nag-iba ang ekspresyon ng kanyang mukha.

“Gugustuhin mo bang iwan kita roon sa mga lalaking gustong humalay sa 'yo?” Inis na rin ang tono ni Pio pero may point siya kaya kumalma ako.

“Ayaw.” I paused for effect. “O di, paano na ako ngayon?” nakapamaywang na sabi ko.

“Dumito ka muna hangga't hindi pa nagbubukas ang lagusan,” sagot niya.

Hindi na ako nagsalita pa dahil wala naman yata akong magagawa. Tinitigan ko na lang siya. Parang okay naman sa kanya. Nakatingin din siya sa akin pero expressionless siya.

Sh*t! Ang guwapo niya talaga. Except for his long hair and weird ears, he looked perfectly normal. The only thing 'not normal' was his exceptional good looks. Grabe kasi, hindi makatarungan! Tulo-laway. Hmm. Siguradong macho rin 'to. Ba't ba kasi balot na balot siya sa suot niya?

Hala... What am I thinking?

I could no longer stare at him. Parang contest ito ng titigan at hindi ko kaya ang powers niya. Binaling ko ang tingin ko sa malaking kuwarte. His gaze followed me.

Kaloka, bakit ganun siya makatingin?

“So, tell me more about yourself.” Nakakaintindi kaya siya ng English?

“Ako si Procopio.” Talagang inulit pa ang pangalan niya! Proud na proud lang sa name niya.

"Ano pa? Tungkol sa 'yo," usisa ko.

"Ako ang prinsiphe ng kahariang ito. Anak ako ni Haring Filomino at Reyna Sonayda."

Ano ba naman iyan, bakit ganoon ang mga pangalan nila? What was wrong with this place? At saka prinsiphe? Totoo kaya? Ang suwerte ko naman kung ganoon. Isang prinsiphe pa ang nagligtas sa akin.

"Oh, okay." *Don't get too excited, Alex. Relax lang. 'Wag kang pahalata na hampas-lupa ka.*

"Hindi ito dapat malaman ng Amang Hari at Inang Reyna. Siguradong hindi nila ito ikatutuwa. Huwag na huwag mong aalisin ang barong iyan at siguraduhin mong natatakpan ang tainga mo kung sakaling may makakita sa 'yo. Dito ka muna sa silid ko," bilin niya.

OMG! Kuwarta niya 'to? Uy, bet ko! Sige, dito na lang ako.

"Gutom ka na ba?" tanong niya.

"Actually, oo."

"Ikukuha kita ng makakain. Huwag kang aalis diyan," bilin ni Pio.

Tumango lang ako. As if may mall dito na puwede kong puntahan, di ba?

Umalis siya at lumabas sa mahiwagang pinto. So siya lang pala may access d'on, gan'on?

Humiga ako sa kama para mag-isip-isip habang naghihintay ng pagkain. Hindi ko napansin kanina na ang lambot pala ng kamang ito. *Saraap!*

P'ano kaya kung hindi na ako makauwi? Ano'ng mangyayari sa 'kin? Sabagay, wala namang maghahanap sa 'kin dahil ulilang lubos na ako. Wala rin akong kapatid. 'Yong mga kamag-anak ko naman, nasa probinsya. Malalaman kaya nila na nawawala

ako? Bukod sa mga katrabaho ko, may maghahanap kaya sa akin? Wala! Doon ako nalungkot.

Anyway, nae-excite ako sa pagkain. Gutom na kasi talaga ako. Nasa mundo ako ng engkanto at prinsipal pa ang host ko, so siyempre masarap ang pagkain dito, right? Kumakain kaya sila ng steak dito? Gusto ko 'yong well done. Saka sana may caviar and truffles. Hindi pa ako nakakakain n'on, eh. Baka dito pa lang ako makakain niyon. Takam na takam na ako.

From the magic door, lumabas si Pogi. Mas lalo akong na-excite. Makakain na ko ng pagkain ng engkanto! Iniabot niya sa akin ang dala-dalang mukhang tray o plato na parang hinulma sa hugis ng dahon.

"A-ano 'to?" Puro prutas ang laman ng dala ni Pio.

"Pagkain mo," sabi niya.

"Huh?" Napanganga ako. "Wala ba kayong ulam o kaya kanin? Mga tatlong cup ng kanin."

"Iyan ang kinakain namin dito," sagot lang ng lalaki sabay talikod. Wala yatang negotiation na magaganap.

Jeez, on fruit diet ba sila dito? Gusto ko ng kanin! Kahit wala nang steak o kaya kahit sabaw na lang. Hindi man lang ito magtatagal sa sikmura ko. Fruit salad ito. Pailing-iling na sumubo na lang ako ng saging at sinunod ang mansanas at grapes saka lumagok ng maraming tubig para mabusog ako. Ito ang napapala ng assuming.

Nakatayo lang siya habang nakatalikod sa akin. *Look at that body!* Kahit na balot na balot siya, kita pa rin ang tigas ng pangangatawan. Those broad shoulders and firm-looking biceps, I wonder how they look and feel like.

Damn. Ano ba itong pumapasok sa isip ko?

“So ano’ng ginagawa mo d’on kaninang madaling araw?” tanong ko sa lalaki na kanina pa nagmamasid sa akin.

“Hinihintay ko ang pagdaan mo.”

“Ha? Bakit?”

Medyo matagal bago nakasagot si Pio, parang nagdadalawang-isip pa siya.

“Gabi-gabi kong hinihintay ang pagdaan mo,” amin niya nang hindi tumitingin sa akin.

“Ha? Bakit?” tanong ko ulit.

“Gusto kong nakikita ka.” Hinarap niya ako.

OMG! That handsome face!

“Ha? Bakit?” Puro iyon na lang yata ang masasabi ko.

“Dahil may pagtingin ako sa iyo,” derechong sagot niya.

Ano daw? Kahit sobrang corny ng pagkakasabi, hindi ko naiwasang kiligin. Alam mo iyong sobrang nagpipigil ka na parang mauutot ka? ‘Yun ‘yon eh.

Sa buong buhay ko, parang ngayon lang ako natahimik. DJ ako eh, kaya likas sa akin ang pagkamadaldal. Pero ngayon, wala akong masabi. As in zero. *Nada!*

Ibig sabihin ba n’on, may gusto siya sa ‘kin? Kinikilig na ako! Paano nangyari na nagkagusto sa ‘kin ang isang engkanto?

Nakatingin siya sa akin na parang naghihintay ng sagot, pero buffering pa rin ako. I didn’t know what to say kaya nginitian ko na lang siya.

And guess what? Ngumiti rin si Pio! This was the first time that I saw him smile, like, a *real* smile.

At possible bang mas gumuwapo pa siya noong ngumiti siya? Yes! Possible! Ang puti ng ngipin niya, pang-toothpaste commercial!

“Alex?” he said, disturbing my daydream.

“B-bakit? Ano nga ulit ‘yong sinabi mo?” I asked. Gusto ko kasi ulit marinig ang sinabi niya.

“Na may pagtingin ako sa ‘yo?” sabi niya nang walang liguy-ligoy.

I smiled again. *Confirmed!* “Totoo ba ‘yan?” tanong ko in my sweet voice.

“Hindi nagsisinungaling ang mga engkanto.”

“Really?” *Hmmm... Masubukan nga.*

“Maganda ba ako?”

“Oo.”

I knew it! Maganda talaga ako.

“Sexy ba ako?”

“Oo.”

Akalain mo ‘yon, naintindihan pala ni Pio!

Kidding aside, gusto ko talagang malaman kung anong klaseng ‘pagtingin’ ba ‘yung tinutukoy niya. Kung iyong pagtingin na paghanga lang o pagtingin which may lead to something serious, like love, maybe? Hindi naman sa nag-aambisyon agad ako. Pero siyempre as a woman, I need something more than just ‘pagtingin’. I long for something deeper, something which would make me feel more secure. *Oh, di ba?*

“Uhm, bakit ka may ‘pagtingin’ sa ‘kin?” I asked shyly.

“Mayroong kasing kakaiba sa iyo. Ang lakas ng personalidad mo. Sa kabila ng ipinapakita mo, alam kong mabuti kang tao at malinis ang iyong puso,” aniya na para bang matagal niya na akong kilala.

But, wow. That was definitely something deep. And for the record, nobody had ever told me that. Like, ever!

People always see me as the bad girl. Iyong babaeng kahit kanino pumapatol o sumasama. But you see, none of those rumors were true. I am the complete opposite of that image. Maybe I just crave for attention and love from other people. But it's because I am alone. I have no family.

Bigla tuloy nagbago ang mood ko. His confession was supposed to make me feel happy but instead it brought a lot of sad memories. All the boys I know only lusted after me. Nobody truly cared for me.

"Alex, may dinaramdam ka ba? May masakit ba sa 'yo?" nag-aalalang tanong ni Pio. Nakita niya yatang sumimangot ako.

"Wala naman." Yumuko ako.

"Sige na, maaari mong sabihin sa akin." He cupped my chin and cheered me up with his megawatt smile.

"Wala pa kasing nagsabi sa 'kin n'yan. Ikaw pa lang." I looked away because I could feel the tears welling in my eyes. True enough, the tears fell. Nagiging iyakin yata ako lately. Ano ba ang meron sa lugar na ito? O sa lalaking 'to?

He placed his right hand on the side of my face while his thumb began wiping my tears.

I felt vulnerable at that moment. This was my weakness. I was feeling light-headed so I held on to his arm for balance. He looked at me sincerely and meaningfully like the ones I see in the movies when people are about to kiss.

Was he really about to kiss me? Oh, my gosh! He leaned closer. His face was only a few inches away

from me as he closed his eyes. He's really about to kiss me!

Teka, teka. Medyo mabilis yata ang mga pangyayari...

"Uhm... Ano'ng oras na ba?" I asked and he pulled away.

3



Hindi ko alam kung sinong santo ang sumapi sa akin ngayon. Usually, I would throw myself at anyone who showed interest in me, kahit pa pagnanasa lang talaga ang pinapakita nila.

Hungry for love nga ako, di ba? Pero this time, hindi ko alam kung ano ang nangyari at nagpakipot pa ako. Mukha namang totoo ang sinabi ni Pio. But one could never be sure, right? He could be playing tricks on me. He's an engkanto, after all. Pero di ba sabi niya hindi raw nagsisinungaling ang mga kagaya niya? Nanghinayang tuloy ako nang very slight.

Pero mabuti na rin siguro iyon at baka kung nahalikan niya ako ay ma-carried away ako at maibigay ko ang Bataan. No. No. No. Hindi puwede. Mahirap na 'no! The last thing I want ay ang umuwi sa mundo ko na buntis. Ano na lang ang sasabihin ng mga tao sa akin, na nag-*Immaculate Concepcion* ako? Ayoko! Ayokong maging putok sa buho ang anak ko.

Ano ba itong pinag-iisip ko, para kiss lang, eh. Daming alam!

Awkward tuloy. Paano ba 'to?

"Ah, Pio. Sorry ha. Hindi pa kasi ako handa para sa ganito. Hindi pa kita gaanong kilala," paliwanag ko. 'Yong totoo, 'teh? Hindi talaga handa?

"Huwag mong ipag-alala iyon..." sabi niya sabay talikod at lumabas na sa mahiwagang pinto. Hala, nag-walk out?

Hindi ako na-inform na may ganoong event. Di pa ako nakapag-toothbrush! Iyon talaga ang rason kaya nagpigil ako. Pero seriously, ayokong magmadali this time.

Naalala ko bigla ang bag ko, may toothbrush ako d'un, eh. Nakita ko iyon sa sahig malapit sa kama. I checked my phone pero wala, dead batt iyon kahit tanda ko na nai-full charge ko iyon bago ako gumimik. Hmm... Pati iPad ko, dead batt din.

Hay. Wala man lang mapaglibangan sa lugar na iyon. Nahiga ako sa kama at pinagmasdan ang kakaiba at kumikinang na dingding. Naisip ko lang, paano kung di na ako balikan ni Pio dahil napahiya siya? Paano na ako makakauwi?

Pagmulat ko, perfect na mukha agad ni Pio ang nakita ko. Nakatulog pala ako.

"Nasa langit na ba ako?" tanong ko.

"Nandito ka sa kaharian ng Simeria." Hindi uso ang sense of humor sa lalaking ito.

"Akala ko hindi mo na ako babalikan." Isinubsob ko ang mukha ko sa malambot na unan dahil gusto kong mag-inarte at saka nahihiya ako sa kanya.

"Hindi ko magagawa iyon sa iyo." He paused. "Pagpasensyahan mo na ang inasal ko kanina."

Humarap ako sa kanya.

“Wala ’yon.” Tinakpan ko agad ang bibig ko ng unan kasi nga hindi pa ako nagtu-toothbrush. Baka mahimatay si Pogi. Hindi ko naman kasi alam kung saan ang banyo dito. “P’wede na ba akong umuwi?” sunod na tanong ko.

“Hindi pa nagbubukas ang lagusan,” agad na sagot niya.

“Ah, gano’n ba? Saan na lang ako p’wedeng maligo?”

“Doon sa lawa. Pero mamaya ka pa puwedeng lumabas ‘pag tulog na ang buong kaharian.”

“Sa lawa?” Seryoso ba siya?

“Oo.”

Napalunok ako. “P’ano kung malunod ako? Hindi ako marunong lumangoy.”

“Mababaw lamang iyon.”

“Ah, okay. Matagal pa ba? Nangangati na ’ko dito sa pinasuot mo, eh. P’wedeng humingi ng bago?” Kinapalan ko na ang feslak ko.

“Kapag tulog na ang lahat ay maaari ka nang lumabas. Sige, ipakukuha kita ng bago.” Muli siyang lumabas para siguro kunin ang damit.

Akalain mong nauutusan ko ang prinsipeng iyon? Haba ng hair ko, papagupit ako pag-uwi ko, twenty inches.

Pagbalik ni Pio, may nakasunod sa kanyang babae na may dalang basket. Nagulat ako kaya agad kong tinakpan ang tainga ko; naalala ko ’yung sinabi ni Pio kanina.

“Huwag kang mag-alala. Siya si Alena, tapat siyang naglilingkod sa akin.”

Napataas ang kilay ko. Nakaramdam ako agad ng

selos. *What? Selos ba talaga?*

Tiningnan ko ang babae. Maamo ang mukha niya at parang hindi nagkakalayo ang edad namin. Maganda siya, in fairness.

“Talaga?” Malamig ang tono ko.

“Oo. May dala siyang bagong damit at kung ano pang kailangan mo. Maaari ka nang lumabas,” hudyat ni Pio.

Sumunod kami ni Alena kay Pio. Nagbukas naman ang pinto. Excited ako dahil first time kong lalabas sa kuwartong iyon. Ano kaya ang hitsura ng sinasabi niyang Simeria?

Paglabas namin, sumalubong sa akin ang malamig na simoy ng hangin. Madilim ngunit naiilawan ng maraming alitaptap ang lugar. Nag-adjust pa nang kaunti ang mga mata ko sa dilim at doon ko naaninag na nasa gubat kami.

Paanong naging gubat ang labas ng kuwarto ni Pio? Akala ko nasa loob kami ng isang palasyo dahil sabi ng prinsipel, nasa kaharian nila ako.

Kinilabutan ako pero sumunod na lang ako. *Naengkanto nga ako.*

“Nasa Baguio ba tayo?” bulong ko kay Pio. Ang lamig kasi, sobra. Parang ayaw ko na tuloy maligo. Bumalik na lang kaya kami? Punas-punas na lang ako.

“Walang bagyo rito,” nalitong sagot niya.

“Ah, wala.” Napabuntong-hininga na lang ako. Ang hirap maging joker dito.

“Psst. Pio!” Palihim kong itinuro ang dalawang lalaki na napansin kong nakabuntot sa amin. Dadakpin ba nila ako?

“Huwag mo silang alalahanin, mga kawal ko sila,” aniya na hindi tumitingin sa akin kaya nanahimik na

ako.

Nagpatuloy kami sa paglalakad sa madilim na kagubatan. Sa dulo ay natatanaw ko na ang lawa. Maliwanag doon at parang enchanted river ang feel. Parang buhay ang kapaligiran. Napakaganda.

Nang makalapit kami ay mas lalo akong namangha. Ang sinag ng buwan ay nasasalamín sa tubig. Ang lawa naman ay parang may kung anong liwanag na nanggagaling sa ilalim. Nakakaloka! Hindi ako makapaniwala na makikita ko ito, na makakapunta ako sa lugar ng mga engkanto.

“Ang ganda...” puri ko. Tiningnan ko si Alena at wala man lang itong karea-reaksyon. Tiningnan ko rin si Pio at ganoon din siya.

Nanindig ang mga balahibo ko sa lamig at pati na rin sa pagkamangha.

“Okay lang bang maligo dito pag gabi? Baka maengkanto ako?” sabi ko sa lalaki.

“Nasa mundo ka ng mga engkanto,” pagtatama ni Pio.

“Oo nga pala,” sabi ko at natawa ako. Tumingin ako sa tubig at nagdalawang-isip kung maliligo ba talaga ako. Ang lamig-lamig. May heater ba iyong lawa?

“Maligo ka na,” utos ni Pio.

Taray! Nagmamadali?

“Sabi ko nga, maliligo na. Manonood kayo?” sarcastic na tanong ko.

“Mga kawal.” Tumalikod si Pio at sumenyas na tumalikod din ang dalawa.

So doon lang sila tatayo hanggang matapos ako? Ayos! My engkanto boys!

“Hubarin n’yo na po lahat ng kasuotan n’yo,” sabi naman ni Alena.

“Ha? Wala bang naninilip dito?”

“Wala po. Heto, gamitin n’yo.” Inabot niya sa akin ang basket na may lamang maliliit na bote na sa tingin ko ay ginagamit sa pagligo. Body wash? Binuksan ko ang isa at inamoy. Sobrang bango! Kaso hindi ko alam kung alin ang para sa buhok.

“Samahan mo ako...” alok ko kay Alena.

“Hindi po maaari,” marahang sagot niya.

“Okay. D’yan ka lang ha.” Hinubad ko na ang mahabang damit at nag-ala burlesque. Hindi ako nahiya kay Alena dahil yumuko naman siya. ‘Wag lang talagang lilingon ang tatlong kolokoy at magwawala talaga ako!

Inilubog ko ang katawan ko sa lawa at sinubukang lumangoy. Napakasarap ng tubig; tamang-tama lang ang lamig. Usually, hindi ako naliligo sa mga ganito lalo’t gabi, pero parang nabighani ako sa ganda. Enchanted talaga. Inilublob ko ang ulo ko upang tingnan ang ilalim ng tubig. Hindi ko alam kung saan galing ang liwanag doon. Kasabay kong lumalangoy ang makukulay at iba’t ibang isda. May sirena kaya dito? Feeling diwata naman ang peg ko!

“Uy, Alena, halika! Ligo tayo. Ang ganda sa ilalim,” mahina kong hikayat sa kanya.

“Ikaw na lamang po.” Ngumiti siya.

“Okay, sige.” Feeling magaling lumangoy ako pero langoy aso lang naman ang alam ko. Buti na lang talaga at mababaw ang lawa. Lumangoy-langoy pa ako at nagbabad sa tubig. Inilubog ko pa ulit ang sarili ko sa tubig at pinagmasdan ang mga isdang lumalangoy. Grabe! Ang ganda talaga!

“Matagal ka pa ba?” tawag ni Pio mula sa kinatatayuan nila.

Hmp. KJ naman nito, kitang nag-e-enjoy pa ang tao.

“Malapit na po!” marahang sigaw ko. Kumuha ako ng isang maliit na bote at naglagay ng laman niyon sa buhok ko. Sobrang bango!

Gusto ko pa sanang magbabad pero dali-dali akong nagbanlaw dahil baka magalit na ang mahal na prinsiphe. Umahon ako at nagpunas gamit ang napakalambot na tuwalya. Isinuot ko ang damit na iniabot ni Alena at nagulat ako dahil ang ganda ng disenyo n’un. Mukhang gown ng prinsesa at parang isinukat sa akin.

Ay, hindi ko na ’to huhubarin! Akin na ’to!

“Tapos na po, mahal na prinsiphe,” hayag ni Alena at lumingon naman si Pio.

Napakunot ang noo niya nang makita ang tuwalyang nakabalot sa ulo ko.

“Ano? Basa pa ang buhok ko eh,” defensive na sabi ko.

Napabuntong-hininga na lang siya at saka umiling-iling. “Umalis na tayo rito bago pa may makakita sa atin,” sabi lang niya.

Pagkarating namin sa kuwarta ay agad siyang nag-utos kay Alena na kumuha ng pagkain. Agad naman itong sumunod.

Hay. Fruit salad na naman ito, pero mas minabuti kong hindi na magreklamo. Mabuti nga at pinapakain pa ako, di ba?

Saktong gutom na ako nang dumating si Alena. Pagkalapag niya ng pagkain ay umalis na rin siya. As expected, prutas. Ilang araw pang ganito ang pagkain at mangangayayat na ako.

Kumagat ako ng apple. “So saan mo ako papatulugin?” tanong ko kay Pio.

“Dito.”

“Di ba kuwarto mo ’to, s’an ka na matutulog?”
tanong ko habang pinapapak naman ang ubas.

“Dito rin,” sagot ni Pio.

“Magkatabi tayong matutulog?!”

“Mayroon kaming sinusunod na patakaran. Ipinagbabawal sa kahariang ito ang matulog sa ibang silid, lalo na sa prinsipeng tulad ko. Hindi naman kailangang magkatabi tayo, dito na lamang ako sa paanan mo matutulog.”

Naku, mahal na prinsipe, baka dumada-moves ka lang naman.

“Ay ’wag na po, sir. Ako na lang d’yan sa paanan. Nakakahiya naman sa ’yo.” In fairness, humble ang prinsipeng ito.

“Hindi. Ako na,” giit pa niya.

“Puwede namang sa sahig na lang ako matulog,” suggest ko.

“Hindi maaari.” Mariin ang kanyang tono. *Buti na lang.*

“Sige.” Ayoko na ring makipagtalo at baka patulugin talaga ako sa sahig. Masakit kaya iyon sa likod.

Umabot din siya ng isang mansanas at saka kumagat doon. Sumandal ako sa headboard habang nagpapapak ng grapes. Siya naman ay nakaupo sa dulo ng higaan.

Pinagmasdan ko lang siya at tinago ang nararamdaman kong kilig. Ang presensya niya, ang lakas ng dating! Nakaka-intimidate but not in a bad way. Kakaiba ang prinsipeng ito. Hindi siya mayabang. Parang normal na tao lang din.

“P’ano ka nga pala nakapunta sa mundo namin?” tanong ko.

“Dahil bukas ang lagusan.”

Oo nga naman. Bakit ko pa kasi tinanong? Siyempre pagbukas, may papasok.

Ganern? Ang galing ng logic.

“At gusto kitang makita,” dugtong pa ni Pio.

I decided na hindi pansinin iyong huli niyang sinabi kahit pa parang kinikiliti ako sa kilig. “Eh, bakit sarado ang lagusan ngayon?” sa halip ay tanong ko.

“Upang maiwasan ang madalas na pagtawid ng mga engkanto patungo sa mundo ninyo at ng mga tao naman patungo rito.”

“So bawal pala talaga ako dito?”

“Oo. Mahigpit na pinagbabawal ang tao dito. Kaya nga itinatago kita.”

“Bakit kasi di n’yo na lang forever na isara ang lagusan para wala na kayong problema?”

O, di ba? Napakatalino ko, naisip ko ‘yun!

“Hindi rin maaari dahil ang lagusan ang nagsisilbing balanse ng lahat. May kailangan kami sa mundo n’yo at ganoon din kayo,” paliwanag niya.

“Ah, gan’on. Eh bakit bawal ang tao dito sa inyo?”

“Dahil ang mga tao ay mapaminsala at hindi mapagkakatiwalaan.”

“Grabe naman kayo. Napaka-judgmental n’yo, hindi naman lahat gan’on.”

“Alam ko. Ngunit iyon na ang tumatak sa isipan ng mga engkantado simula noong...” Natigilan ang kausap ko.

“Simula n’ong ano?” Na-curious ako.

“Wala.”

“Sige na. Secret lang natin. Peksman!” Tinaas ko pa ang right hand ko.

Huminga si Pio nang malalim at nagsimula.

“Kuwento sa akin ni Ama noon na may sinagip daw siyang lalaki mula sa mundo n’yo. Inalagaan nila dito at kinukop hanggang sa gumaling. Tinuring siyang kaibigan at pinagkatiwalaan ng kaharian kaya pinayagan siyang magpabalik-balik dito. Noong una ay mabait siya ngunit noong huli niyang punta dito, nagsama siya ng ibang mga tao at pinagnakawan ang kaharian. Sinaktan pa ng isa niyang kasama ang Inang Reyna na labis na ikinagalit ni Ama. Kaya simula noon ay ipinagbawal na ni Ama ang pagtulong sa mga tao.”

“Hala. P’ano pag nahuli tayo? Ano’ng gagawin nila sa ‘kin?” Bigla akong kinabahan.

G*go ang lalaking ‘yun, ah! Kung sino man siya! Pati tuloy ako madadamay sa galit ng mga engkanto! Paano kung isumpa nila ako, gawing palaka o daga? ‘Wag naman sana akong gawing ipis!

“Hindi ko naman hahayaan na mahuli ka,” pangako ni Pio.

“Buti naman at baka kung ano’ng gawin nila sa ‘kin.” Medyo inaantok na ako pero may gusto pa akong malaman.

Gusto kong itanong kung may girlfriend na siya. Kahit sinabi niyang may pagtingin siya sa akin, hindi naman ibig sabihin noon ay single pa rin siya, di ba? I wanted to make sure, baka kasi babaero siya. Prinsipe pa naman, baka nakatakda na siyang ikasal sa isang prinsesa.

“Uhm... Pio? May girlfriend ka na ba? I mean, kasintahan o asawa?” Halos matawa ako pagkasabi ko ng ‘kasintahan.’ Ang lalim kasi.

“Wala,” agad na sagot ng lalaki. Nawala tuloy ang antok ko. “Ikaw?” balik-tanong niya sa akin, sabay tingin nang derecho sa akin.

“Wala rin.” Keme lang. Mygas, parang may kumikilti sa kuyukot ko!

“Bakit wala? Wala ka bang napupusuan sa mundo n’yo?”

Napaisip tuloy ako. Bakit nga ba wala? May mga naging boyfriend naman ako pero lahat sila iniwan ako. Marami ring nagkakagusto sa akin, pero lahat sila manyak! Katawan ko lang yata ang habol nila. Ayoko naman nang ganoon. Gusto ko ’yung totoong mahal ako, ’yung pang-forever.

“Wala na kasing matinong lalaki sa mundo ngayon, eh,” sagot ko sabay buntong-hininga.

“Hindi totoo ’yan. Dito sa Simeria, lahat ng lalaki ay tapat sa mga asawa nila.”

“Gan’on kasi sa mundo namin, eh. Buti pa dito.”

Pansamantalang natahimik siya.

“Kung... ah... kung manligaw ba ako sa iyo, papayag ka kaya?” tanong niya nang hindi tumitingin sa akin. Kanina lang, ako ang nai-intimidate sa kanya, pero ngayon, parang nahihiya yata siya sa akin.

“Bakit mo naman gugustuhing manligaw sa ordinaryong taong tulad ko? Wala ba ditong mga prinsesa na p’wede mong ligawan?” katwiran ko.

“Mayroon, ngunit hindi naman sila ang gusto ko. Ikaw ang gusto ko.” Sumulyap siya sa akin at saka muling ibinaling ang tingin sa kamay niya.

Nahihiya talaga siya. Kinikilig tuloy ako.

“Bakit ako?” tanong ko ulit.

Tumingin si Pio sa akin nang derecho. Ako naman ngayon ang kinabahan. Lumapit siya at umupo sa tabi ko. Lumakas lalo ang kabog ng dibdib ko. Ano ba ’to? Nalilito na ako sa pinaparamdam ng lalaking ’to.

“Matagal na kitang gustong makilala kaya sa tuwing

bukas ang lagusan, hinihintay ko ang pagdaan mo sa kalyeng iyon. Madalas kong nakikita na malungkot ka. Hindi ko alam, basta gusto kong malaman kung ano ang magpapasaya sa iyo.”

“Hindi mo naman sinagot ang tanong ko, eh. Bakit ako?” kulit ko pa.

“Kailangan ba may dahilan?” balik-tanong ni Pio.

“May point ka,” I murmured.

“Pumapayag ka na ba na manligaw ako sa iyo?”
Excited ang tono niya.

Oo naman, *payag ako! Pero siyempre dapat may konting pakipot.* “Hmm... Sige, ganito na lang. P’wede bang magkaibigan muna tayo para mas makilala natin ang isa’t isa?”

What? Anong nasabi ko? Hindi ko talaga alam kung ano’ng nangyayari sa ’kin. Dati-rati pag may nanliligaw sa ’kin, sagot ako agad, wala nang paliguy-ligoy pa. Pero ngayon... nasobrahan sa pakipot!

“Sige...” sagot niya.

“Pero puwede namang pagsabayin ang panliligaw at pagiging magkaibigan, di ba?” *Binabawi ko na ang sinabi ko!*

Natahimik si Pio at parang nag-iisip. “Hindi. Tama ka. Importanteng magsimula sa isang pagkakaibigan upang maging matibay ang pag-iibigan. Sa ngayon, magiging magkaibigan muna tayo,” proud na sagot ng prinsiphe.

Hindi man lang niya na-gets na binabawi ko na ’yung una kong sinabi.

Ayoko na ng friends. Tayo na lang agad!

’Yan kasi. Arte pa!

4



paggising ko, hinanap ko agad si Pio pero wala siya sa kuwarto.

Pangalawang araw ko na sa Simeria. Pangalawang araw nga lang ba? Pero parang ang dami nang nangyari.

May nakahandang pagkain, as usual prutas, sa kabilang dulo ng higaan. Inabot ko iyon at naupo sa kama upang mag-isip-isip.

Last night was a bit of a disappointment. Pero tama na rin siguro iyon. Mahirap ang set-up na ganito. Kung sakaling manligaw siya at maging kami, paano naman 'yon? Hindi siya tao saka magkaiba ang mundo namin. Hind ako puwedeng tumira dito at mas lalong hindi siya puwede sa mundo ko.

It's complicated. Hindi pa nga nagsisimula pero parang 'the end' na agad.

Nakita kong nag-appear ang pinto at pumasok si Pio. He greeted me with a big smile.

“Mabuti at gising ka na. May naisip ako.” Nakangiting umupo si Pio sa tabi ko.

Ang sarap ng lalaking ’to.

Kakaiba ang aura niya nang sandaling iyon. Ibang-iba sa seryosong prinsipeng nakilala ko nang nakaraang araw.

“Hmm. Ano’ng naiisip mo?” I was eager to know what made him happy.

“Gusto mo bang makita ang kaharian?” he asked with a hint of enthusiasm in his eyes.

“Oo naman,” I readily answered with a wide grin on my face.

“Ganito. Magkukunwari kang bisita ko mula sa ibang kaharian,” excited na hayag niya.

“Ha? Baka mahuli ako.” Nagdalawang-isip ako.

“Hindi. Sandali.” At agad siyang lumabas. Pagbalik niya, kasama niya si Alena na may dala-dala na namang basket.

“Tutulungan ka ni Alena na mag-ayos. Maiwan ko muna kayo.” At lumabas uli siya. He seemed happy.

“Ano’ng nakain n’on?” baling ko sa babae.

“Mansanas po,” simpleng sagot ni Alena.

Isa rin ’to eh, napakaliteral. Pinigilan ko na lang na matawa. Nakakaloka kasi!

Inabot ng dalaga ang tela mula sa basket at binuklat iyon. Isa itong gray long-sleeved gown na tulad ng suot ko pero mas magara. Konserbatibo ang disenyo pero napakaganda ng beadwork. Nang tingnan ko sa malapitan, napansin ko na maliliit na gems pala iyon. I wonder kung saan gawa ang gown.

Taray ng designer nila, ah!

“Wow. Ang ganda naman nito,” puri ko sa damit.

“Ito po ang susuotin n’yo,” tugon ni Alena.

“Kelan?”

“Ngayon po.”

“Ha? Eh, kabibihis ko lang kagabi. Saka maganda naman ’tong suot ko.”

“Utos po ng mahal na prinsipe,” tugon niya.

Sumunod na lang ako. Sinuot koang damit at kumasya naman sa akin. Medyo mahaba nga lang, as in sayad sa lupa. May train pa iyon sa likod kaya parang prinsesa talaga ang dating ko nito. *Aura!*

“Ganito ba talaga kayo manamit dito? Para naman akong ikakasal nito, eh.” Gusto ko siyang makakuwentuhan pero parang nag-aalangan siya sa akin.

“Ganyan po manamit ang mga maharlikang engkantada,” sagot niya.

“Ah gan’on ba,” sagot ko. *So, today, I’m going for the rich engkanto look? I might as well wear a little bit of makeup.*

Iniabot niya sa akin ang gold flat sandals na parang ipinares sa suot ko dahil meron ding gems sa strap nito.

“Wala bang may mas mataas na heels? Ang haba kasi ng damit ko. Baka madapa ako.”

“Tama lang po iyan upang hindi makita ang paa n’yo,” sagot ni Alena.

“Ha, bakit?”

“Hindi po maaaring makita ang paa n’yo.”

“Bakit naman?”

“Iyan po ang nakasanayan ng mga engkantada,” sagot niya.

Tiningnan ko ang paa niya pero natatakpan din iyon ng mahaba niyang damit.

“Gan’on? Ang weird n’yo. So hindi uso ang

pedicure dito?” tanong ko.

“Ano po ba ang pedicure?” inosenteng tanong ng kausap ko.

“Ah, wala.” Tumalikod ako at nagpatulong sa kanyang i-adjust ang tali sa likod ng damit ko dahil maluwag iyon. “Bagay ba sa ‘kin?”

“Opo, mukha ka nang isang tunay na engkantada.” Ngumiti si Alena.

Napangiti rin ako. Mukhang makakasundo ko ‘tong si Alena. Okay naman kasi siya, medyo mahiyain lang talaga. May inabot siya mula sa basket na nababalot ng pulang tela. Sa loob niyon ay isang simpleng crown na napapalamutian ng dilaw na gemstone at mga bulaklak. Isinuot niya iyon sa ulo ko at inayos ang buhok upang matakpan ang tainga ko.

“Tapos na ba kayo?” tanong ng biglang sumulpot na si Pio.

“Opo, mahal na prinsipe,” sagot ni Alena at saka tumabi upang makita ako ng binata.

“Bagay sa ‘yo. Napakaganda mo,” puri ni Pio sa akin habang nakangiti.

Nahiya tuloy ako. *‘Wag kang ganyan, ang lagkit mong makatingin. Nasha-shy shi aquo eh.*

“Salamat.” Nginitian ko rin siya.

“Halina kayo habang wala pang engkantado sa labas.”

Sumunod kami ni Alena sa kanya. Kinakabahan yata ako. Paano kung mahalata nila ako? Bahala na! *Hala, sige, rampa!*

I was expecting na lalabas kami sa gubat tulad kagabi pero lumabas kami sa isang napakalaking bulwagan.

Napakataas ng ceiling at salamin ang pinakabubong

kaya sobrang liwanag. Mas malaki pa yata ito sa Araneta Coliseum. Ang sahig ay parang skating rink. Pagkakita ko sa napakaraming pintuan ay kinilabutan ako. The thought of being lost here scares me.

“Papunta saan ang mga pinto?” tanong ko kay Pio.

“Papunta sa ibang kaharian at ibang parte ng Simeria. Nakikita mo ba iyong pinakamalaking pintuan? Iyon ang lagusan papunta sa mundo n’yo,” turo niya.

Totoo nga; nakasara iyon.

“I see. Saan tayo pupunta?” tanong ko.

“Basta.”

Dinala niya ako sa napakalaking hardin. Lahat na yata ng klase ng bulaklak ay nandoon at iba’t iba ang kulay. Sa dulo niyon ay isang lawa na sa tingin ko ay karugtong ng lawa na pinuntahan namin nang nakaraang gabi. Nang sandaling iyon ay kasing-kulay ng tubig ang langit. Napakatahimik ng lugar at napakasarap ng simoy ng hangin.

Noon lang ako nakakita ng ganito. Pakiramdam ko ay nasa ibang mundo ako. *This place is so romantic.*

Pumitas si Pio ng bulaklak at ibinigay sa akin. Parang kinikiliti na naman ako sa kilig.

I literally froze when he held my hand. I didn’t know how to react. Instead, I smiled nervously.

“Dito ako palaging pumupunta kapag gusto kong mapag-isa,” kuwento niya habang nakatingin sa malayo.

I looked at him and he looked almost like a god with that smile on his face.

“Oo nga, napakatahimik ng lugar na ’to,” sagot ko sabay lingon sa ibang direksyon upang ngumiwi at palihim na kiligin.

Nagsimula siyang maglakad habang hawak ang

kamay ko. Hindi ko ma-explain ang nararamdaman ko. Sino ba ang mag-aakala na totoo ang mga engkanto at makakakilala ako ng ilan. At ka-HHWW ko pa iyong isa! Kung panaginip ito, sana huwag na akong magising. Comatose kung comatose na!

I've never felt this way before. He was leading the way and I could not help but stare at our intertwined fingers. It just... felt... so good.

Biglang lumington si Pio at nahuli akong nakatingin sa magkahawak naming mga kamay. Tiningnan niya rin iyon at saka mabagal na bumitaw.

"Ah... pasensya ka na. Nakalimutan ko ang napag-usapan natin," sabi niya.

Sige na, okay lang na hawakan mo ang kamay ko. In fact, 'wag mo nang bitawan, sa 'yo na ang kamay ko, sagot ko sa isip ko, pero sa halip ay ngumiti na lang ako.

Napansin kong simula nang makilala ko si Pio ay naging mahinhin na ako. Aba! Achievement ito!

Naupo kami sa isang malaking bato at pinagmasdan ang napakagandang lugar na iyon. "Kuwentuhan mo naman ako ng tungkol sa iyo," sabi niya.

"Tungkol saan?"

"Kahit ano. Gusto kong magkakilala tayo."

"Ah... p'ano ba? Hmm..." Hindi ko alam ang sasabihin, baka kasi hindi siya maka-relate. At saka wala namang kuwenta ang buhay ko. "Magtanong ka na lang 'tapos sasagutin ko."

"Sige. Paano ba mabuhay sa mundo n'yo?" tanong ni Pio.

"Ay naku, mahirap! Minsan malungkot, minsan naman masaya. Kailangang magtrabaho dahil kung hindi, magugutom ka tapos, 'yung pagpunta pa sa

trabaho ay mausok at ma-traffic. Araw-araw, gan'un ang ginagawa ko. Nakakapagod! Sa mundo namin, kailangan mong makipagsabayan, kung hindi, maiiwan ka."

Tiningnan ko si Pio at parang nalilito siya sa mga pinagsasabi ko. Sabi ko na nga ba di siya makakarelate.

"Nasaan ang mga magulang mo?" tanong niya.

"Wala na akong mga magulang. Matagal na silang wala." Kahit nalungkot ako sa tanong niya ay sinagot ko pa rin.

"Saan nagpunta?" he asked innocently.

Ay, *malamang sumakabilang buhay na!* Minsan talaga parang gusto kong kurutin sa pisngi ang engkantong ito kapag hindi niya nage-gets ang sinasabi ko. Ang cute kasi!

"Ayon! Nasa langit na sila pareho," sagot ko.

"Ah, pumanaw na. Nasaan ang mga kapatid mo?"

"Wala naman akong mga kapatid."

"Ang lungkot naman noon, walang nag-aalaga sa iyo. Marahil iyon ang dahilan kung bakit may lungkot sa iyong mga mata sa tuwing pinagmamasdan kita sa pagdaan mo. Hayaan mo, simula ngayon, nandito ako para sa iyo."

Aww... na-touch ako.

"Salamat, Pio.." I pat him on his shoulder and I think he got confused by that gesture.

Bumalik kami sa bulwagan at ngayon, marami nang engkantado ang naroon. Nakasunod sa amin si Alena at ang dalawang kawal. Kinabahan ako pero hindi ako nagpahalata. Doon ko nalaman na mababait pala ang mga engkanto. Lahat ng makasalubong namin ay nakangiti at bumabati sa akin kahit hindi

nila ako kilala. Nginitian ko rin sila.

Nakakatuwang tingnan na lahat sila ay masayang nag-uusap. Ang mga bata ay naglalaro. Parang wala silang problema. Sana ganito rin sa mundo ko.

Dinala ako ni Pio kung saan makikita ang kabuuan ng kaharian. Halos maiyak ako sa pagkamangha. Hindi ko inakala na nasa bundok pala ang kaharian na ito.

Ang mga bahay ng engkanto ay gawa sa bato at may hugis dahon na bubong. Pinagdudugtong ito ng malalaking tulay na gawa rin sa bato. Sa tuktok ay naroon ang palasyo na sa tingin ko ay tirahan ng hari at reyna.

“Gusto mo bang makilala ang mga magulang ko?” Nagulat ako nang biglang nagtanong si Pio.

“Ha? ‘Wag na. Natatakot ako,” sagot ko.

“Wala ka namang dapat na ikatakot.”

“‘Wag na muna siguro. Baka mahalata ako, eh. Hindi ko pa alam kung paano kayo umakto,” katwiran ko.

“Huwag kang mag-alala. Ako ang bahala sa iyo.”

“Ehh... Parang hindi magandang ideya ‘yan,” tugon ko.

“Sige na...” giit niya pa. “Ayaw ko ring naglilihim sa mga magulang ko kaya ipapakilala na kita bilang tao.”

“Ha? Eh, di ba nga ayaw nila sa mga tao? Para saan pa at tinago mo ako n’ung una?”

“Sa tingin ko naman ay maiintindihan nila ako.”

“Pero, Pio...”

“Sige na. Hindi ba sinabi mo na hindi lahat ng tao ay masama. Alam kong mabuti kang tao kaya matatanggap ka nila,” paliwanag niya at iyon ang nagpakumbinsi sa akin. Bigla kong naisip na dapat ay magustuhan nila ako.

Bumalik kami sa bulwagan at pumasok sa isang pinto na sa tingin ko ay papunta sa palasyo ng hari at reyna. Kinakabahan ako.

5



It was just my second day there and I was already meeting the parents? Feeling ko hindi iyon magandang idea, pero nag-cross fingers na lang ako.

Bumukas ang mga pinto at binati kami ng mga royal guards at servants. The room was large but I could see the throne at the far end of the hallway. Sinubukan kong hindi ma-intimidate, pero ganoon pa rin. I've always thought of myself as a confident woman but not that day when I was about to meet the King and Queen who hated humans!

Kita ko ang dalawang pigura na alam kong siyang hari at reyna base sa mga suot nila. Thank goodness for the long hallway because boy, I was about to lose my poop here. Kailangan ko ng oras para mag-relax.

"Pio... 'wag mo na kayang sabihin na tao ako?" I whispered.

"Bakit?" tanong ng lalaki.

"Natatakot ako, eh."

He assured me with a smile. "Huwag kang matakot, mabait naman sila."

Okay. Hingang malalim. Three. Two. One. Smile!

"Ama. Ina," bati ni Pio sa kanila sabay yuko at patong ng kamay sa sariling dibdib. Ginaya ko siya at yumuko rin kahit hindi ko alam kung para saan iyon. Sobrang kinakabahan ako.

"Mahal na Prinsipe Procopio, sino ang magandang dilag na kasama mo?" tanong ng reyna saka tumingin sa akin. Ngumiti siya at parang nabunutan ako ng tinik. Siguro nga ay mabait sila. At sobrang ganda ng reyna!

"Mahal kong Ama at Ina, siya po si Alex, isang kaibigan," pakilala niya sa akin.

"Alex? Hmm. Kakaiba ang iyong pangalan," komento ng hari at saka tumingin sa akin.

"O-opo, mahal na hari." Lyon lang ang naisagot ko saka kinakabahang ngumiti. Malulunok ko yata ang dila ko sa kaba.

"Hindi kita kilala. Saang kaharian ka nagmula?" nakangiting tanong ng hari.

Tiningnan ko si Pio at pinandilatan siya para ipahiwatig na huwag niya nang sabihing isa akong tao.

"Mahal na hari, si Alex ay nagmula sa mundo ng mga tao," sa halip ay sagot ng katabi ko.

Sinabi niya talaga? Here goes nothing...

Hindi sumagot ang hari o ang reyna. Nakita kong nagpalitan sila ng tingin dahilan para kumabog nang napakalakas ang dibdib ko. Their expressions changed from pleasant to unreadable. The room went silent and it made me fear for my life.

"Mula sa mundo ng mga tao?" galit na tanong ng hari. His face was filled with disgust.

Sinubukan ni Pio na magpaliwanag. “Mahal na hari, si Alex ay—”

“Procopio! Ano ba’ng pumasok sa utak mo at nagdala ka ng tao dito? Alam mong mahigpit kong ipinagbabawal iyan!” sigaw ng hari.

“Pero, Ama, tinulungan ko lamang si Alex mula sa masasamang-loob,” depensa ni Pio. Parang sasabog ang dibdib ko sa kaba.

“Nakalimutan mo na ba ang kuwento ko sa iyo noong may iniligtas akong tao? Tinulungan ko pero pagkatapos ay pinagtaksilan ang kaharian! Ganoon din ang gagawin niya sa iyo!”

“Pero, Ama, hindi ganoon si Alex. Mabuti siyang tao,” pagtatanggol pa sa akin ng prinsipeng.

“Mabuting tao? Pare-pareho lang ang mga tao! Lahat sila ay mga sinungaling, sakim at magnanakaw!” bulyaw ng hari.

Masyado akong nasaktan sa sinabi niya kaya hindi ko na napigilan, napaiyak na ako.

“Ama, hindi siya ganyan!” giit pa ni Pio.

“Paalisin mo ang taong iyan ngayon mismo! Ayaw kong makita ng ibang engkantado na may nakapasok ditong masamang nilalang!” singhal pa ng hari.

“Ama, pakiusap. Pakinggan ninyo ako!” Halos lumuhod na si Pio.

Umiyak na lang ako nang umiyak. Gusto kong sigawan ang hari pero hindi ko magawa. Hindi ko magawang ipagtanggol ang sarili ko.

Hindi pa siya nakontento at sinigawan pa ako sa mukha ko. “Umalis ka na ngayon din sa kahariang ito! Magnanakaw! Arsenio! Buksan mo ngayon ang lagusan at paalisin ang hampas-lupang ito!” utos niya.

Sobra na. Sobra na ito. Hindi ko na kaya ang sakit

na nararamdaman ko sa dibdib ko. Akala ko ay mabait sila. Hindi pala. Nagkamali ako. Hindi ako dapat nakinig kay Pio.

Tumakbo ako palabas ng palasyo habang si Pio ay humahabol sa akin.

“Alex, sandali! Patawarin mo ako,” tawag ni Pio mula sa likuran ko.

Ni hindi ko siya nilingon. Para akong batang humahagulgol habang palabas ng palasyo.

Ano ba itong napasok ko? Bakit ba kasi pumayag ako sa gusto niya? Maybe I expected too much. Hindi ko dapat pangarapin na tanggapin nila ako dito dahil hindi ito ang mundo ko. Hindi ako bagay dito, lalong-lalo nang hindi ako bagay kay Pio. Sobrang sakit ng nararamdaman ko nang oras na iyon.

Sa labas ay naghihintay si Alena. Naabutan ako ni Pio at hinawakan pa ako sa kamay.

“Alex, patawarin mo ako. Kakausapin ko ulit si Ama,” sabi niya pero hindi ko siya pinansin. Tinabig ko ang kamay niyang nakahawak sa akin at ibinaling ang tingin kay Alena.

“Please, p’wede mo bang kunin ’yung gamit ko sa kuwarto ni Pio? Uuwi na ako,” pakiusap ko habang umiiyak.

“S-sige po.” Dali-dali siyang umalis. Nagsimula akong maglakad papunta sa malaking pinto na maghahatid sa akin sa mundo ko. Bukas na nga ang lagusan. Uuwi na ako at kakalimutan ko na ang mundong ito.

Nakabuntot pa rin sa akin si Pio pero hindi ko na siya kinausap. Pinilit ko na patahanin ang sarili ko.

“Alex, kausapin mo naman ako,” pakiusap pa ni Pio pero hindi ko siya pinansin.

Nasa harap na ako ng lagusan. Nasaan na ba si Alena? Gusto ko nang makalayo sa lugar na 'to.

"Alex, pakiusap. Patawarin mo ako. Alam kong kasalanan ko ito dahil nagpumilit ako sa gusto ko." Muli niyang hinawakan ang kamay ko. Bumitaw ako at pinahid ang luhang ayaw pa ring tumigil sa pagbuhos.

"Buti alam mo! Kasalanan mo talaga 'to, eh! Kung hindi ka nagpumilit, hindi sana nangyari sa 'kin 'to. Ang tigas kasi ng ulo mo! Ang sakit ng ginawa sa 'kin ng ama mo! Ang sakit-sakit! Ano ba'ng nagawa ko sa kanya? Ha?" di napigilang sumbat ko sa kanya.

"Alam ko. Alam ko. Patawarin mo ako. Kakausapin ko si Ama." Nagsusumamo si Pio.

"Wag na!" bulyaw ko. Dumating na rin si Alena at iniabot sa akin ang bag ko. Nagpasalamat ako sa kanya at pumasok na sa pintuan pero nakabuntot pa rin sa akin ang binata.

"Ano ba? Tantanang mo nga ako, Pio!" asik ko. Alam kong mali na sigawan ko siya pero kailangan iyon para tumigil na siya.

"Sige na... sigawan mo pa ako. Para mapatawad mo na ako."

Nakakaawa siyang tingnan. Ang perpekto niyang mukha ay nabalot ng lungkot. Gusto kong haplusin ang pisngi niya, pero hindi ko magawa dahil puno ako ng galit. Hindi naman ako dapat magalit sa kanya dahil sa ginawa ng ama niya sa akin. I felt sorry for him pero kailangan ko itong gawin. Wala namang patutunguhan ang anumang mayroon sa pagitan namin, anyway. Mabuti pang tapusin na ito habang maaga pa.

I paused and gathered all the courage to say what I have to say.

"Pio... kalimutan mo na ako...Ayaw... ayaw na

kitang makita...” mahinang sabi ko sa kanya saka siya tinalikuran. Binilisan ko ang paglakad para hindi nya marinig ang pag-iyak ko.

“Alex, patawarin mo ako.”

Goodbye, Pio...



I felt so stupid when I arrived at my place. Umiiyak pa rin ako hindi dahil sa galit kundi dahil naisip ko na mali ang ginawa ko. Maling-mali. Hindi ko man lang siya pinakinggan o pinatawad samantalang niligtas niya ako. Napakabait sa akin ni Pio tapos iyon pa ang ginawa ko sa kanya? *Ang tanga mo talaga!*

Umiyak ako nang umiyak hanggang sa makatulog ako.

Paggising ko, saka ko napansin na suot ko pa ang gown na binigay niya sa akin. I was hoping na panaginip lang ang lahat ng iyon pero totoo pala ang lahat. Heto ang pruwera.

Akin na lang 'to, souvenir ng katangahan ko.

Tears started to well again but I battled against it. I had to move on.

Kinuha ko ang cellphone ko sa bag at ichinarge ito.

“Sh*t! Huwebes na ngayon?” bulalas ko nang makita ang date sa iPad ko pagkabukas ko niyon. Saturday ako gumimik, eh. Sunday... Monday... Tuesday... Wednesday... Thursday. Sh*t! Sh*t! Ganoon na ba katagal? Patay ako nito, mawawalan ako ng trabaho!

Dali-dali akong naligo at pumunta sa radio station na pinagtatrabahuhan ko. Kumakalam na ang sikmura ko pero wala nang time para kumain. Ano naman kaya ang idadahilan ko? Na dinala ako ng isang guwapong engkanto sa kaharian nila? Sa mental ang kalalagyan

ko nito!

Pagdating ko roon, nasalubong pa ako ng boss ko. *Patay!*

“Alex! Bakit ngayon ka lang pumasok? Ilang araw kang nawala. Hindi ka man lang nagpaalam!” sermon niya agad. Namumula siya sa galit.

“Naku, Sir, sorry po. Nagkasakit kasi ako,” pagdadahilan ko.

“Ano’ng sakit mo?”

*Sh*t!* Ano ba? “Ano po. Na-confine po ako, eh. Typhoid Fever daw. Akala ko nga po mamamatay na ako.”

“Bakit di ka man lang nag-text?”

“Eh, Sir, hinang-hina po ako, eh.”

“Ganon ba? Nangayayat ka nga,” aniya.

Umepek yata agad ’yong fruit diet?

“O, sige, magtrabaho ka na,” utos niya.

“Sige po, Sir. Right away,” I said with a big smile. Hay, salamat. Akala ko talaga mawawalan na ako ng trabaho. Mabuti na lang hindi ako hinanapan ng medical certificate.

I made it through my shift but I felt so unsatisfied with the work that I did. One of the listeners even called to ask if I was alright because she said I sounded different. Like the boring kind of different.

Pag-uwi ko sa apartment, nakita ko ang mga lalaking nambastos sa akin nang gabing iyon at kinabahan ako na baka maulit na naman ang pangyayaring iyon. Strangely, pagkakita nila sa akin ay biglang nagsitakbuhan ang mga mokong na para bang nakakita sila ng multo.

Ano’ng nangyari sa mga ’yon?

Dumaan ako sa puno kung saan ko unang nakita

si Pio noong gabing niligtas niya ako. Natigilan ako dahil na-tempt ako na lapitan iyon.

“Pio?” bulong ko sa puno. “And’yan ka ba?”

Walang sagot.

Para akong tangang paikot-ikot sa puno. May dumaan pa na magbabalot at nakita ang ginagawa ko. Tiningnan niya ako nang masama pero wala akong pakialam. Habang buhay na bang nakasara ang lagusan? Sana makausap ko man lang siya sa huling pagkakataon. Ang pangit kasi na ganoon kami nagkahiwalay.

“Pio?” tawag ko pero wala pa ring sagot. “Pio? Please. Magpakita ka na.” Gusto kong magpasalamat sa nagawa niyang pagtulong sa akin at sabihing hindi ako galit sa kanya.

“Alex?” May tumawag sa akin at nabuhayan ako ng loob.

“Pio? Ikaw ba ’yan?” tuwang-tuwang tanong ko.

“Hoy, Alex! Ano’ng ginagawa mo d’yan? Magbayad ka na ng renta mo!”

Takte. ’Yong landlord ko lang pala.

6



Weeks passed and I was still missing him. I wonder if he felt the same. Bakit ganoon? Hindi ko naman siya nakasama nang matagal pero hindi ko pa rin siya makalimutan. I hate this feeling!

Everyday I would pass by that tree and hope that he'd be there. Minsan napapakanta na lang ako ng "Are you, are you coming to the tree?" Parang tanga na nga ako kasi n'ung minsan, ginaya ko pa si Katniss Everdeen.

Weeks turned to months but the feeling was still there. Mahal ko na ba siya? Hindi ko alam. Basta sigurado akong nakalimutan na niya ako. Minsan gusto kong magwala kapag nai-imagine ko si Pio na nakapangasawa ng isang prinsesa. Kung hindi ba naman kasi ako tanga. Dapat pinakinggan ko siya nang oras na iyon.

Nag-resign na ako sa trabaho ko. As much as I love being a DJ, I don't see myself doing it

forever. At siyempre dahil kulang ang sinasahod ko doon kumpara sa lifestyle ko. Muntik na nga akong mapalayas sa apartment ko dahil hindi ako nakakabayad ng renta. Hindi rin nagtagal at umalis na ako sa dati kong apartment dahil malayo ito sa bago kong pinagtatrabahuhan. Ayoko sanang umalis dahil umaasa pa rin ako na magkikita kami ni Pio, pero na-realize ko na hindi na iyon mangyayari. Isa na lamang siyang magandang alaala.

Ang nagpapasaya na lang sa akin ay ang bago kong trabaho. I got a job as a Fact Checker in a magazine company. They also allow me to write articles from time to time, which is so cool, by the way. I got lucky because they hired me despite my lack of experience.

May pumoporma rin sa akin dito na katrabaho ko pero ewan, parang hindi ko pa feel. Nagluluksa pa ang puso ko sa pagkawala ni Pio. Hindi ko pa rin siya nakakalimutan.

Speaking of the devil...

"Hi, Alex. Nag-lunch ka na?" tanong ni Simon. Isa siyang copy editor dito sa company.

Nakangiti siya sa akin. Ang cute niya kapag nakangiti dahil nawawala ang mga mata niya. Chinito kasi. Matagal na rin siyang nagpapa-cute sa akin kaso wala talaga akong ganang makipaglandian.

"Hindi pa. May tinatapos pa ako, eh," sagot ko habang nagta-type. Hindi ko siya tiningnan at hinintay siyang umalis.

"Gan'on ba? Magla-lunch na rin ako, eh. Join me," alok ni Simon.

"Sige na. Mauna ka na. Tatapusin ko lang 'to," dahilan ko.

“Hihintayin na kita.”

“Ha? ‘Wag na. Nakakahiya naman sa ‘yo. Baka matagalan pa ‘to, eh.”

“No. I’ll wait.” He smiled and just stood there.

“Sigurado ka?”

“Yeah.”

Ang kulit naman nito ayoko pa naman nang may naghihintay sa akin dahil nape-pressure ako.

“Tara na.” Pumayag na lang ako dahil hindi rin naman ako makakapag-concentrate.

And that was how we became friends. It was nice having him around because he’s such a goofy guy. Sometimes we would go out with co-workers but most of the time, it’s just the two of us. Napapagkamalan na ngang ‘kami’ pero wala naman akong nararamdaman para sa kanya. To me, Simon is just a friend. Ewan ko lang sa kanya. Minsan kasi nahuhuli ko siyang nakatitig sa akin, tapos, biglang babaling sa ibang direksyon kapag nahuhuli ko. Napansin ko rin na napaka-caring niya sa akin. Minsan naman, sobrang effort pero hinahayaan ko na lang siya. Magsasawa din siya.

One night, we went out drinking with our co-workers. As usual, he’s beside me. My co-workers started teasing us which encouraged him more.

“Uy, Alex. Kayo na ba ni Simon?” tanong ni Nell.

Nagkatinginan kami ni Simon at natawa ako. “Hindi ‘no!” mariing sagot ko. “We’re just friends.” Sinadya ko talagang sabihin iyon nang malakas para marinig niya.

“O di, sino pala ang boyfriend mo?” kulit ni Nell.

“Wala. Ayoko munang makipagrelasyon, eh,” sagot ko para mas maging klaro kay Simon.

Nang tiningnan ko siya, nakayuko siya na para bang na-disappoint sa sinabi ko. I felt sorry for him

pero tama lang iyon dahil ayokong umasa siya at sa tingin ko ay umasa na nga siya.

I was enjoying my new job and my new friends. Somehow, it made me forget about Pio but memories would always come back and they made me miss him even more. Sa kakaisip ko sa kanya, nai-imagine ko na yata siya. Minsan nga may hinabol pa akong lalaki dahil akala ko siya iyon. So to keep my sanity, I decided to give Simon a chance.

Nagsimula kaming mag-date. Noong una, masaya ako pero hindi nagtagal, nagsimula akong makonsensya. Nagi-guilty ako dahil kahit sinubukan ko, wala talaga akong nararamdaman para sa kanya. Hanggang ngayon, si Pio pa rin ang gusto ko. Akala ko kasi magugustuhan ko si Simon pero hindi naman napipilit ang love. All I could offer him was friendship.

On our way to my apartment, I decided to tell him the truth.

“Simon?” tawag ko habang naglalakad kami.

“Bakit?” sagot niya at hinarap ko siya.

“Simon, gusto kong mag-sorry sa ‘yo.”

“Para saan?”

“Ano kasi... Ayokong umasa ka. Sinubukan ko naman, pero hanggang pagiging kaibigan lang talaga ang maibibigay ko sa ‘yo.”

“Ha? Pero, Alex, I love you.” He looked lost and hurt.

“I know and I’m sorry.”

“At least give me a chance,” pakiusap niya.

“I’m sorry, I already tried. Hindi kita kayang mahalin dahil may mahal akong iba.” Napapikit na lang ako at naghintay sa isasagot niya pero iba ang naging reaksiyon niya. Hinila niya ako papunta sa madilim

na parte ng eskinita at isinandal sa pader. Hinawakan niya nang madiin ang mga wrists ko kaya nanakit iyon.

“May mahal kang iba? Gan’on? Gan’on na lang ba ’yon, ha?” Bigla na lang nag-iba ang ugali niya.

“I’m sorry, Simon. Bitawan mo ako please.”

“Sorry? Anong sorry? Ginago mo ’ko, Alex. Akala mo gan’on lang ’yon kadali? Magso-sorry ka tapos wala na?” Nakakatakot ang galit sa mukha niya. Para siyang baliw. Hindi ko akalaing ganito pala siya.

“A-akala ko kasi...” Nagsimula akong mangatwiran.

“Akala mo ano? Ha? Ano ba’ng gusto mo ha? Ito? Ito?” Hinalikan niya ako sa labi nang napakadiin habang mahigpit na hawak ang baywang ko.

“Aray! Simon, please!” sigaw ko.

“Matagal ko nang gustong gawin ’to sa ’yo. Alam mo ba ’yon?” Hinalikan niya ulit ako, mas madiin pa.

“Tul—” Bago pa ako makasigaw, may humila na kay Simon at sinuntok ito sa mukha. Agad na nawalan ng malay ang ex ko.

Tiningnan ko kung sino ang taong tumulong sa akin. Naka-hood ito at dahil madilim din, hindi ko siya namukhaan. Nang tumapat ang ilaw sa mukha niya, doon ko lang sya nakilala.

“Pio?” tanong ko.

“Oo, Alex.” Binaba niya ang hood niya.

“Oh, my god! Ikaw nga!” sabi ko at napatakip ako ng mukha. “Sa ganitong sitwasyon na naman ba tayo magkikita?” Napaiyak ako dahil sa nangyari at pati na rin sa hiya.

“Shh... Ang mahalaga, ligtas ka.” Niyakap niya ako nang mahigpit pero bumitaw ako nang maalala si Simon.

“Si Simon. Tulungan mo ako. Dalhin natin siya sa

apartment ko.”

Binuhat namin ang kaopisina ko at nagsimula kaming maglakad papunta sa apartment ko. Maghahating-gabi na pero may ilan pa rin kaming nadaanan na mga nakatambay sa kanto kaya kinabahan ako.

“Napakabuti mo talaga, Alex. Ginawan ka na nga ng masama, tinutulungan mo pa rin,” komento ni Pio.

“Shh! “Wag kang maingay d’yan. Baka isipin ng mga tao, pinatay natin siya,” pabulong kong sabi.

May ilang tao kasi sa kalsada ang nakatingin sa amin lalong-lalo na kay Pio na nakasuot na naman ng weird niyang outfit. Para siyang mongha.

Binuksan ko ang pinto at tinulungan si Pio na ihiga si Simon sa sofa.

“Tss. Pano ba ’to?” Natataranta ako.

Kumuha ako ng maliit na tuwalya at pinunasan ang dumudugong ilong ni Simon. Kinuha ko ang first aid kit ko at naglagay ng Betadine sa cotton at ipinunas sa sugat niya sa siko. Pagkatapos, tinakpan ko iyon ng gauze.

“P’ano paggising niya? Ano’ng sasabihin ko?” tanong ko sa engkanto. Nag-aalala talaga ako.

“Hindi ka dapat nag-aalala. Siya ang may ginawang masama sa iyo,” sagot ni Pio.

“I know. I know. Kaso p’ano nga?” Galit din ako kay Simon dahil sa ginawa niya. Hindi ko iyon basta-basta makakalimutan. Gusto ko nga siyang putulan ng isang daliri o kaya kalbuhin para makaganti, pero mas nag-aalala ako kapag nagising na siya. Hindi ko alam ang gagawin ko. Ire-report ko ba siya sa pulis o ano? Paano pagbalik namin sa opisina?

I didn’t realize that I was pacing back and forth until

Pio grabbed my hand and pulled me into his arms.

Nagkatinginan kami at nakalimutan ko ang problema ko kay Simon.

Oh, Pio! Bakit ang guwapo mo?

Mas guwapo pa siya ngayong may kaunting tumutubong balbas sa mukha niya. Matutunaw yata ako sa tingin niya. And those lips, I can't! I couldn't stop staring at them.

"Napakatagal nating hindi nagkita." He slightly pinched my right cheek.

"O-oo nga," nauutal kong sagot.

"Humihingi ako ng kapatawaran sa nagawa sa iyo ni Ama," sabi niya habang nakatingin nang derecho sa akin.

"Sorry din dahil hindi kita pinakinggan, at nasigawan pa kita noon." Ang lakas ng kabog ng dibdib ko. Naririnig niya kaya ito?

"Walang anuman iyon." Hinagkan niya akong muli. Ang sarap sa pakiramdam.

"Hinintay kita, Pio," bulong ko.

"Patawarin mo ako, Alex. Ikinulong ako ni Ama."

I pulled away. "Ha? Bakit?"

"Dahil sa ginawa kong paglabag sa kautusan niya."

"Wala ka namang ginawang masama. Tumulong ka lang."

"Kalimutan na natin iyon. Ang mahalaga, magkasama na tayo." He pulled me again into his arms.

Bahagya akong lumayo sa kanya nang may maalala ako. "Teka, p'ano mo nga pala ako nasundan dito?"

"Hinanap kita gamit ang kapangyarihan ko," turan niya.

"Ahh..." bulong ko at saka yumakap ulit. Nakalimutan kong engkanto nga pala itong kaharap ko.

"Ilang araw na kitang sinusundan ngunit nagdalawang-isip akong lapitan ka dahil akala ko, masaya ka na sa piling niya." Lumingon siya sa walang malay na si Simon.

"No! Nagawa ko lang 'yon dahil gusto na kitang kalimutan, pero hindi ko magawa. Kaya nagalit si Simon."

"Bakit mo gustong kalimutan ako?" He held both of my arms and looked at me straight in the eyes.

"Dahil akala ko kinalimutan mo na ako at... at akala ko nag-asawa ka na ng prinsesa," I answered shyly.

"Hindi. Hindi ko magagawa iyon, Alex," sagot niya at naniwala ako sa kanya.

Hindi ko namalayang tumulo ang luha ko. I was just happy na nandito na siya sa tabi ko, dahil buong akala ko ay hindi ko na siya uli makikita.

"Mahal kita, Alex," he said with both his hands cupping my face.

"Mahal din kita, Pio," sagot ko habang humahagulgol sa iyak.

Ngumiti siya pagkarinig niyon pero nangunot din ang noo. "Mahal mo ako pero umiiyak ka?"

"Masaya lang ako na nandito ka na."

"Hinding-hindi na kita iiwan."

He was dangerously near and I think he was about to kiss me. This time, hindi na ako magpapakipot pa. As he was about to kiss me, I saw him snap his fingers for no reason but I decided to ignore it.

And then, it happened. Our first kiss.

We kissed for what seemed like forever. For the first time in my life, I felt genuinely loved by someone.

I clung to him and he looked at me lovingly.

“Ikaw ngayon ay akin nang kasintahan. Tama ba?”

Tumango ako habang nakatingala sa kanya na parang nagayuma niya ako. Ang haba ng buhok ko ngayon, parang gusto kong magpagupit nang mga fifty inches!

I felt so safe with him. Ito na yata ang pinakamasayang araw sa buhay ko. Pero teka nga, may boyfriend na ba talaga akong engkanto? *Jusko! Baka may side effect 'to!*

Muntik ko nang makalimutan na nandito pa pala si Simon hanggang sa marinig namin siyang umungol sa sakit at hinilot ang ulo niya.

I shot Pio a worried look.

“Huwag kang mag-alala. Hihingi siya sa iyo ng tawad at makakalimutan niya ang lahat.”

“Ha?” Nalito ako.

Pero bigla na lang tumayo si Simon mula sa sofa at lumuhod sa harapan ko. “I am so sorry, Alex, kung nabastos kita. I just.. I love you. And I... I felt so angry when you said you love someone else. Please forgive me. It won't happen again.” He was teary-eyed.

“O-okay...” I started to say but Simon got up and sat lazily on the couch again as if he was in a trance. *Okay, that was weird.*

“Ano'ng ginawa mo sa kanya?” tanong ko kay Pio.

“Ginamit ko ang kapangyarihan ko.”

“Tek... p'wede mo bang alisin 'yong nararamdaman niya para sa 'kin? Para, you know, 'wag niya na akong kulitin,” I suggested.

“Isip lang ang kaya kong palimutin, Alex, hindi ang puso. Maaalala niya pa rin 'yon ngunit tatatak sa isip niya ang sinabi mong may mahal kang iba,” he said.

Again, I saw him snap his fingers and as if on cue, Simon got up and went out the door.

Sumunod ako sa kanya para siguruhing okay lang siya. Para siyang lasing nang maglakad sa kalsada. Mga ilang saglit pa, pinara niya ang taxi na paparaan at sumakay. I think he would be okay.

Pumasok na ako sa apartment at ngayon, ako naman ang ninenerbyos dahil kami na lang ni Pio sa loob. Ano ang gagawin ko? Should I offer him water? Juice? Wine, maybe? Jusko. Paano ba mag-entertain ng isang prinsipe? Sayawan ko kaya?

"Uhh... Dy'eat? I mean, kumain ka na?" Oh my, this is so awkward.

"Hindi pa," sagot niya.

Patay! Ano'ng ipapakain ko sa 'yo? Hindi pa naman ako nag-stock ng prutas. Saka gabi na, wala nang bukas na fruit stand. Bahala na.

"Sandali lang. Magluluto ako."

One thing I learned about men is that they love burgers. So I'm going to make him a burger and hope that he, who happens to be the prince of Simeria, will like it.

I went to my mini-kitchen and cooked the patties, heated the buns, placed the patties on the buns, mixed the ketchup and mayo, sliced the tomatoes then, added some lettuce.

"Tadaaa! And that, my friends, is how you make a burger!" Para akong tanga dahil kinakausap ko ang sarili ko. Mabuti na lang at hindi niya ako nakikita.

Dinatnan ko siyang seryosong tinitingnan ang framed photo namin ng mga magulang ko. Ayoko sana siyang istorbohin kaso gutom na rin ako.

"Kami 'yan.. ng mga magulang ko n'ung buhay pa

sila.” I paused. “Halika, k’ain tayo.”

Tumalikod na ako at papunta na ng kusina nang hinawakan niya ang kamay ko. Nagulat ako pero kagat-labi na lang para hindi mahalatang kinikilig ako. Bumitaw ako sa pagkakahawak niya at hinawakan ko siya sa magkabilang braso saka iginiya papunta sa upuan. I’ve always wanted to do that to a guy. Naupo siya at tiningnan ang burger na para bang tinapay ito na tinubuan ng paa.

“Ang tawag dito ay burger. Ganito ang pagkain niyan,” sabi ko saka kumuha rin ng isa at kumagat sa burger para gayahin niya.

He then took his first bite. Tiningnan ko lang siya at hinintay ang reaksiyon niya. *What if he hates it? Tama bang pakainin ko ang isang prinsipeng burger lang? Kasi naman hindi ako prepared!* Matagal niyang nginuya ang burger, and I was beginning to suspect that he hated it.

“Ang sarap nito,” sabi niya at napangiti na lang ako. *Thank you, CDO.*

“I know.” Mahinhing kumagat ako sa burger ko.

“Maaari bang dito muna ako magpalipas ng gabi?” tanong ni Pio.

“Uwa... Ha?” Muntik ko nang mailuwa ang kinakain ko.

“Kung maaaring dito muna ako magpalipas ng gabi? Hindi ako maaaring umuwi sa kaharian dahil tumakas lang ako,” paliwanag niya.

“Ha? Oo naman,” nasagot ko na lang sabay marahang lumunok at lumagok ng juice. Saan ko naman kaya siya patutulugin eh isa lang ang kuwarto ko dito? Hay... puwede namang doon na lang siya sa room ko ’tapos dito ako sa sofa. Nakakahiya naman sa kanya.

“Salamat ha,” aniya.

“Maliit na bagay. Ako nga, pinatuloy mo rin sa kuwarto mo.” Bigla ko tuloy naalala ang masaklap kong sinapit sa harap ng hari. “P’ano ka nga pala nakatakas?”

“Sa tulong ng isang mabuting kaibigan,” sagot niya pagkatapos nguyain ang kinakain.

“Ah, mabuti naman.” Nagpatuloy ako sa pagnguya. Teka... “Di ba tumakas ka? P’ano ’yon? Di ka na babalik?” tanong ko.

“Hindi ko alam. Pansamantala, dito muna ako sa mundo n’yo.”

“Ha? P’wede ba ’yon?” Sinilip ko kung may dala siyang bag kaso wala naman. Ano ’to, lumayas nang walang kadala-dalang gamit?

“Oo. Tiyak na matutuklasan din ni Ama na nawawala ako at alam kong magagalit siya. Kapag humupa na ang galit niya, saka ako babalik. Alam kong mapapatawad niya ako sa takdang panahon.”

“Ah, gan’on ba, o di saan ka ngayon titira?” tanong ko. Oops. Hindi ko pala dapat tinanong iyon. Baka isipin niyang ayaw ko siyang patuluyin dito. Kasi naman, strict ang parents ko! Sabagay, wala na nga pala sila. ’Yong mga kapitbahay talaga ang strict. Mga chismosa kasi.

Tiningnan ako ni Pio na parang na-hurt siya. “Maghahanap na lang ako ng matutuluyan,” mahina niyang sabi.

Ang tanga ko naman kasi, tinanong-tanong ko pa. Wala ngang dalang gamit, di ba? Hindi prepared. Saka baka mawala pa ito, makita ko na lang siya sa isang kamibal, gawing entertainer. Napakawalang kuwenta ko namang girlfriend.

“Actually... alam mo, puwede naman na dito ka na lang muna tumuloy,” sabi ko na lang kahit hindi ko alam kung paano ang set-up nun.

“Salamat, Alex!” Inabot niya ang kamay ko at hinaplos iyon.

Pilit ko siyang nginitian kahit medyo concerned ako sa mga susunod na araw na nandito siya. Ano na lang sasabihin ng mga kapitbahay? Na may live-in partner ako? Bakit bigla naman yata akong naging dalagang Filipina?

“Dito ka na muna matulog sa kuwarto ko. Isa lang kasi ang kuwarto ko,” sabi ko.

“Hindi. Dito ka na lang. Doon na lang ako matutulog sa upuan,” turo niya sa sofa.

“Pero, mahal na prinsipse...” I started to say but he pulled me closer.

“Hindi ako isang prinsipse dito sa mundo ninyo kaya huwag mo akong alalahanin.” Hinalikan niya ako sa noo.

Oh, that wonderful feeling.

“O, sige. Goodnight,” paalam ko.

Hinaplos niya ang mukha ko at muling hinalikan sa noo. Waah! I could get used to this.

Nang pumasok ako sa kuwarto, naalala kong wala nga pala siyang unan at kumot kaya dinalhan ko siya. Pero natawa ako sa dinatnan ko. Nakahiga na si Pio pero lampas ang mga binti niya sa sofa.

“O, ano’ng nakakatawa?” Bumangon siya.

“Eh kasi hindi ka kasya sa sofa!”

Natawa na rin siya. Kasi naman, ang tangkad niya. Inabot ko sa kanya ang unan at kumot pero I doubt kung magkukumot pa siya eh balot na balot na siya sa suot niya.

“Okay ka lang ba talaga d’yan? Palit na lang kaya tayo? D’un ka na lang sa kuwarto ko.”

“Huwag na. Sige na, matulog ka na,” sabi niya, sabay ngiti.

“Sige.” Nahiga siyang muli at pinigilan ko na matawa.